




Information

Pagsusuring Pap (Pap test): isang paraan ng paghadlang sa cervical cancer

Ano ang cervical cancer (kanser sa parang leeg na bahagi ng bahay-bata)?

Ang Cervical cancer ay kanser sa cervix (ang parang leeg na bahagi ng bahay-bata). Ang cervix ay nasa pagitan ng matris (uterus) at ng puki (vagina). Nakakatuklas ang mga Pap test ng abnormal na mga selyula na maaaring makita sa cervix. Hindi matutuklasan ng mga Pap test ang kanser, ngunit nakikita nito ang mga pagbabago na nauwi sa kanser. Ibig sabihin sa maagang pagkatuklas ng mga pagbabago ay magagamot kaagad ang mga ito bago pa mauwi sa kanser. Sa Australya, may napakamatagumpay na programa sa cervical na pag-i-screen na nagpapababa sa antas ng cervical cancer sa mga kababaihan.



Sino ang nangangailangan ng Pap test?

Ang lahat ng mga kababaihan na nasa pagitan ng edad 18 at 70 taong gulang na naging seksual na aktibo ay kailangang magpa-Pap test tuwing dalawang taon.

Ano ang Pap test?

Ang Pap test ay isang madali at simpleng pagsusuri na isinasagawa upang ma-tsek ang mga pagbabago sa mga selyula ng cervix na maaaring mauwi sa cervical cancer. Umaabot lang ng dalawang minuto ang Pap test. Ginagawa ang Pap test sa sumusunod na paraan:

- Isang doktor o tanging sinanay na nars ang gagawa ng pagsusuri. Kailangang maghubad ka ng damit magmula baywang pababa at humiga ng patihaya o patagilid.
- Ipapasok ng doktor o nars ang instrumentong tawag ay speculum sa puki. Ibibuka ng speculum ang puki para makita nang malinaw ang cervix.
- Hindi dapat masakit ang pagsusuri subali't maaaring hindi gaanong komportable. Kung masakit ang pap test, sabihin kaagad sa doktor o nars.
- Ang doktor o nars ay kukuha ng muwestra (sample) ng mga selyula mula sa ibabaw ng cervix gamit ang isang maliit na spatula o brush at ilalagay ito sa isang slide na yari sa salamin.



Ang mga resulta ay makukuha sa loob ng isa o dalawang linggo. Kausapin ang iyong doktor o nars kung mayroon kang anumang mga katanungan o pag-aalala tungkol sa iyong Pap test at kung paano ito isinasagawa.

Pakilipat sa kabila...

Pagsusuring Pap (Pap test): isang paraan sa paghadlang ng cervical cancer

Paano ngayon kung ang mga resulta ko ay abnormal?



Kung ang mga resulta mo ay abnormal, hindi ibig sabihin nito na mayroon kang kanser. Ang isa sa sampung mga resulta ng Pap test ay maaaring magsabing may abnormal na mga pagbabago. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay maliliit na mga impeksyon na madaling gamutin o mawawala nang kusa. Kung mayroon kang abnormal na mga pagbabago, magpapayo ang iyong doktor ng pinakamahusay na paggamot. Kabilang dito ang mas madalas na mga Pap test.

Bakit tuwing dalawang taon?

Ang kalimitang mga kaso ng cervical cancer ay umaabot nang di bababa sa 10 taon bago mabuo. Ang pagpapa-Pap test tuwing dalawang taon ay magtitiyak na kung may anumang mga pagbabagong lumabas, madaling magagamot ang mga ito bago pa mauwi sa kanser.

Saan ka maaaring magpa-Pap test?

Maaari kang pumunta sa klinika (GP o doktor), sentro ng pangkalusugan sa komunidad, klinika ng family planning o sentro ng pangkalusugang sekswal para magpa-Pap test. Sa pag-appointment, makakahiling ka ng isang doktor na babae o nars. Kung mayroon kang natatanging pangangailangan gaya ng mas mahabang oras o interpreter, ipaalam sa kanila sa oras na iyon.

Maaari kang magpasama sa isang kamag-anak o kaibigan sa iyong appointment. Ang mga detalye ng iyong appointment at mga resulta ay mahigpit na kumpidensyal.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang papscreen.org.au

Impormasyon sa Kanser at Tulong na nasa inyong wika

Para sa halaga ng isang lokal na tawag (liban sa mga mobile), makaka-usap mo nang kumpidensyal ang isang nars sa Konseho ng Kanser sa tulong ng isang interpreter.

Simpleng sundin ang mga hakbang na ito:

1. Tumawag sa **13 14 50**, Lunes hanggang Biyernes 9n.u– 5n.g
2. Sabihin ang wikang kailangan mo
3. Hintayin sa linya ang interpreter (maaaring umabot nang hanggang 3 minuto)
4. Hilingin sa interpreter na kontakin ang Cancer Council Victoria Helpline sa **13 11 20**
5. Makipag-usap sa nars sa kanser sa tulong ng iyong interpreter

Hunyo 2011